
# Sa Kalye Sarado



Kuwento ni Sierra Mae Paraan
Inedit ni Ani Rosa Almario
Guhit ni Jericho Moral

## Unang Bahagi



Simple lang ang Kalye Sarado. Puno ito ng mga halaman at puno. Hindi ito nadaraanan ng sasakyan. Dito, tahimik na namumuhay ang mga mamamayan.

Sa Kalye Sarado, may sampung bahay—lima sa isang hilera at lima sa kabila. Ang mga tao rito ay may iba't ibang klase ng hanapbuhay. Merong pumapasok sa opisina, nagtuturo sa eskuwela, at merong maybahay.

Sa Kalye Sarado, may sampung pamilya. Kaya higit sa sampu ang mga bulilit sa paligid. Mahigit sampung bulilit ang madalas maglaro ng taguan, sipa, patintero, at trumpo. Si Lou ang pinakamatanda sa mga batang ito. Siya tuloy ang nagiging tagapag-alaga ng mga bulilit. Sa mga laro, kapag kailangan ng taya, siya ang itinuturo.

Kahit masaya si Lou na makalaro ang ibang bata, nagsasawa rin siyang maging taya. Ayaw na niyang maging nanay o ate sa mga bahay-bahayan.



Si Lenlen tuloy ang naging paboritong kalaro ni Lou. Ano man ang gawin ni Lou, halos palagi niyang kasama si Lenlen.


Kasa-kasama ni Lou ang alagang pusa tuwing nagbabasa ng libro, sumasagot ng takdang-aralin, at maging sa pagkain. Nasanay na si Lou na abot kamay ang alagang pusa. Tuwing kakain si Lou, sisiguraduhin din niyang may nginunguya si Lenlen. Hindi na nagulat si Lou nang dahan-dahan itong bumigat at namintog.

Kahit nga sa pagtulog, magkalapit ang kanilang kama. Paggising sa umaga, si Lenlen din ang una niyang nakikita.

Kaya lang, isang araw, hindi makita ni Lou ang alaga. Inilibot ni Lou ang mga mata sa buong kuwarto, buong bahay, at buong bakuran nila. Tumingin na siya sa taas at baba, kanan at kaliwa.

Wala pa rin si Lenlen. Hindi mapigilan ni Lou ang maluha.

“Baka naglibot lang yun sa kalye,” alo ng kaniyang nanay.



“Nanguha lang siguro ng pagkain sa kapitbahay,” dagdag ng kaniyang tatay.

Nagsalubong pa rin ang kilay ni Lou. Hindi napapawi ang pag-aalala sa mukha niya. Nagpasiya siyang lumabas ng bahay at magtanong-tanong sa iba.

“Nakita n’yo ba si Lenlen?” “Malaki ito at mataba.” “Kulay puti at kahel ang balahibo. Mga ganito kalaki.”


May kasamang pagmumuwestra ang pagtatanong ni Lou. Lumapit siya sa mga batang kalaro pati sa mga magulang nila. Halos pare-pareho ang naging sagot ng mga ito.

“Wala kaming nakita e.”

“Pasensya na, Lou. Hindi ko napansin.”

“Sori ha.”

Ilang beses na bumuntong-hininga si Lou. Inilibot niya ang mga mata sa buong Kalye Sarado. Napansin niya ang nagtataasang puno at halaman. Sa isip niya, “Baka nagtatago lang si Lenlen sa mga ito.”



Pumunta si Lou sa unang bahay sa Kalye Sarado. “Ayo ... Ayo* ... Manang? Manoy*? Makikisuyo lang ako. Puwedeng sumilip sa bahay. Hinahanap ko kasi ang nawawala  kong pusa.”

Tumango ang kapitbahay ni Lou. Sinilip ni Lou ang bakuran, puno, at halamanan. Inilibot niya ang mga mata sa taas at baba, kanan at kaliwa. Pero wala pa rin siyang nakita.

Pumasok si Lou sa loob ng bahay. Doon sa sala, nakita niya ang samu’t saring libro. May libro tungkol sa mga hayop, medisina, matematika, at alpabeto. Napangiti si Lou. Naalala niya ang batang nakatira dito. Iyon ang batang mahilig magpakuwento tungkol sa kung ano-ano.


Magkahalong tuwa at pag-aalala ang naramdaman ni Lou. Nakumpirma niyang mahilig magbasa ang nakatira roon kaya lang nawawala pa rin si Lenlen.

“Salamat kaayo*,” nagpaalam si Lou at lumakad papunta sa ikalawang bahay.

## Skill Builder

**Gawain:** Sumulat ng talatang naglalarawan sa Kalye Sarado gamit ang angkop na pang-uri at pandiwa.

## Ikalawang Bahagi



Ganoon din ang ginawa ni Lou sa pangalawang bahay sa Kalye Sarado at sa mga sumunod dito. Sinuyod niya ang bakuran, puno, at halamanan. Sinilip niya pati ang ibang bahagi ng bahay para makita si Lenlen.

Sa ikalawang bahay, namangha si Lou sa nagkalat na instrumento. Merong *piano,* biyulin, plauta, at gitara sa sala. May mga *songbook* pa sa mesa. Naalala ni Lou ang kalarong bulilit. May isang mahilig umawit at tinuturuan pa siyang gumamit ng silindro at kubing.

Ang ikatlong bahay ay punong-puno naman ng bola. Muntik pa ngang madapa si Lou sa isang *basketball* na gumugulong sa sala. Sigurado si Lou, nakatira rito ang bulilit na mahilig sa *ball games*. Naalala ni Lou kung gaano kabilis ang batang yun. Naku, kahit mas matanda siya, palagi pa rin siyang talo sa karera.




Ang ikaapat at ikalimang bahay naman, halos magkapareho. Napansin ni Lou na may altar sa loob ng bahay ng mga ito. Meron pang Bibliyang pangmatanda at pambata. Naalala ni Lou ang mga kalarong bulilit na mahilig magsimba. Tuwing Linggo, hindi niya ito masyadong nakakasama.

Dumami ang butil ng pawis sa noo ni Lou. Limang bahay na ang nabisita niya pero si Lenlen, hindi pa rin nagpapakita.

Pagtuntong ni Lou sa ikaanim na bahay, saglit siyang natigilan. Alam ni Lou na wala siyang kalaro mula sa bahay na ito. Sa Kalye Sarado, walang batang nakatira sa ikaanim na bahay. Bumuntong-hininga si Lou bago nagpakilala sa matatanda.

“Pasok ka, ‘day. Huwag kong mahiya,” malambing na anyaya sa kaniya.

Kagaya ng ginawa sa iba, sinuyod ni Lou ang ikaanim na bahay. Tumingin siya sa taas at baba, kanan at kaliwa.




Pagdating sa sala, napakunot ng noo si Lou. Naninibago siya sa nakita. Sa dingding, may nakasabit na malaking dibuho.

“Mecca ... ,” sinubukang basahin ni Lou ang nakalagay sa baba.

“Uy!” may biglang nagsalita.

Tila tumalon ang puso ni Lou sa kaniyang dibdib. Hindi niya kilala ang boses na iyon. Sa sobrang kaba, hindi siya makahinga. Paglingon ni Lou, tumambad sa harap niya ang isang batang lalaki. Isang bagong mukha ang nakangiti sa kaniya.

“Ano’ng tinitingnan mo d’yan?” tanong ng batang lalaki. Hindi pa rin natatanggal ang kaniyang ngiti. “Yung larawan ba ng Mecca? A, bigay ‘yan ng Nanay ko kay Tita. Banal na lugar ‘yan para sa aming mga Muslim.”

Nanatiling nakatitig si Lou. Ngayon lang niya nakita ang batang ito. “A, ako nga pala si Lou. Hinahanap ko lang yung nawawala kong pusa. Ahm, dito ka ba nakatira?”



Umiling ang batang lalaki. "Taga-Koronadal talaga ako. Dahil wala pang pasok, pinagbakasyon muna ako rito sa Tagbilaran. Kadarating ko nga lang kagabi e. Amir pala ang pangalan ko."

Sinuklian ni Lou ng ngiti ang batang lalaki. Lalong lumaki ang ngiti ni Lou nang mapansing halos kasintangkad niya si Amir. Mukhang kasing-edad niya ang bagong kakilala.

"Ano'ng sabi mo? May nawawala kang pusa?" pagpapatuloy ni Amir.

"Oo, si Lenlen. Tumingin na kasi ako kung saan saan pero hindi ko siya makita," sumimangot si Lou habang nagsasalita.

"Sama na lang akong maghanap!" sabik na sabi ni Amir. "Sakto, di ko pa nalilibot itong kalye."

Magkasabay na lumabas ng bahay sina Lou at Amir. Bago lumipat sa ikapitong bahay, muli silang tumingin sa taas at baba, kanan at kaliwa. Sinilip nila ang bawat sulok at gilid ng bahay ng Tita ni Amir.




“Ayo ... Ayo ... ,” sabi ni Lou habang kumakatok sa ikapitong bahay. Muli, ipinaliwanag ni Lou ang dahilan ng pag-iikot sa buong Kalye Sarado. Sa pagkakataong ito, ipinapakilala rin niya ang kasamang bago.

“Manang, siya si Amir, pamangkin nung nakatira sa kabila,” pakilala ni Lou sa may-ari ng ikapitong bahay. Hindi nag-alinlangan ang kausap ni Lou at pinatuloy ang dalawang bata.

Nagsimulang tumingin sina Lou at Amir sa bakuran. Inilibot nila ang paningin sa taas at baba, kanan at kaliwa. Nang silipin ni Amir ang isang puno, napalakas ang kalabit niya. “Halika. Ito, tingnan mo!”

Pigil ang paghinga ni Lou nang lumapit kay Amir. Tumambad sa kaniya ang mga marka ng kalmot sa isang puno.

Tila may umalon sa dibdib ni Lou. Ngumiti siya kay Amir. Alam niyang nasa paligid lang si Lenlen. Malapit na niya itong makita.

**Gawain:** Bumuo ng diyalogo sa pagitan nina Amir at Lou. Ano-ano kaya ang kanilang pag-uusapan? Siguraduhing gumamit ng angkop na pangngalan, pang-uri, pandiwa, at pang-abay sa pangungusap.




Mabigat ang mga paa ni Lou habang naglalakad sa Kalye Sarado. Hindi pa rin niya kasi nahahanap ang alagang pusang si Lenlen.

"Uy, 'wag ka munang mag-isip nang masama. Makikita rin natin yun," alo ni Amir. Sinabayan niya ang mabilis at mabigat na mga paa ni Lou.

Naglalakad ang dalawa  papunta sa ikawalong bahay. Pitong bahay na ang nabisita nina Lou para mahanap si Lenlen. Tumatagaktak na ang pawis sa kaniyang noo at likod habang paunti nang paunti ang natitira niyang pag-asa. Nagsimulang kumatok si Lou sa ikawalong bahay nang makarinig siya ng ingay sa kaniyang likuran.

"Ate Lou! Ate Lou! Ate Lou!"

Halos sampung bulilit ang lumapit kina Lou at Amir. May humila sa kamay ni Lou at kumapit sa kaniyang *shorts*. Samantalang kay Amir, may mga ngumiti at mayroon ding nangilag.




Pinalibutan sina Lou at Amir ng mga bulilit na nakatira sa Kalye Sarado.

“Teka, teka!” malakas ang boses ni Lou. Tumigil sa pagsasalita ang mga bulilit at tumitig sa kaniya. “Ito pala si Kuya Amir ninyo. Pamangkin siya ni Ate Amara. Nagbabakasyon siya dito sa atin,” paliwanag ni Lou sabay hawak sa balikat ng katabi.

Nanatiling tahimik ang mga bulilit. May kumurap-kurap, may ngumiti, at may nagtago sa likod ng kalaro.

“Amir,” pagpapatuloy ni Lou. “Ito yung mga kapitbahay natin. Nakatira silang lahat dito sa Kalye Sarado.” Ipinakilala ni Lou ang pangalan ng bawat isa.

Tumango si Amir at ngumiti sa bawat bulilit na kaharap niya. “Ruel, Angeli, Bo, Victor, Jodel, Aby, Roxy, Oma, Dave, Riva, Marianne, Paolo, Harry,” sinubukang alalahanin ni Amir ang pangalan ng bawat isa. “Nakuha ko ba lahat nang tama?”

Habang iniisa-isa ni Amir ang pangalan ng mga bulilit, may mga bumungisngis, may namula, at may nagtakip pa ng mukha.

“Ate Lou!” sabat ng isang bulilit. “Laro tayo!”

“Tara! Tubig-tubig!” sabi ng isa pa.

“Kayo ni Kuya Amir ang taya,” dagdag ng katabi niya.

Napatingin si Lou kay Amir, “A, patintero yung **tubig tubig.** Para malaro ito, bubuo muna ng dalawang grupo. Tapos pipiliin kung sino sa dalawang grupo ang magiging taya. Iyon ang magiging bantay. Yung isa pang grupo ang susubok na lumagpas sa mga bantay.”

“Alam ko ‘yon!” sagot ni Amir. **“Tubigan** ang tawag sa amin. Di ba, para malaro ‘yon, guguhit ng isang malaking parihaba sa semento. Yun yung magiging bakod ng mga taya.”

“Ito tsok, ate!” sambit ng isang bulilit. “Magdodrowing na ba ako?”



“Ito uling! Puwede ring gamitin,” sabi ng isa pa.

*“Game!* Kopong-kopong* na,” dagdag ng nasa likod niya.



“Naku, sandali lang!” lalong nilakasan ni Lou ang boses. “May hinahanap kasi kami ni Amir. Mamaya na lang ha?”

“Mmm … sayang!” halos sabay-sabay na yumuko ang mga bulilit sa lungkot. May mga nagsimulang tumakbo palayo samantalang may nagtawanan at nagkilitian. Lalo namang humigpit ang kapit ng ibang bulilit sa shorts at kamay ni Lou.

“Sama ka sa amin, Ate,” pilit ng isang bulilit. “May papakita kami sa'yo,” sabi ng isa pa.

*“Surprise,* Ate,” dagdag ng nasa gilid niya habang inaangat ang hawak na panyo.

Natawa si Amir, “O, pipiringan ka daw nila.” “Pasensiya na talaga, ha?” dahan-dahang bumitiw si Lou sa mga bata. “Hinahanap ko pa rin kasi si Lenlen.” Saka bumukas ang *gate* ng ikawalong bahay. Pumasok sina Lou at Amir sa loob at iniwan ang mga bulilit na nakatayo.


**Gawain:** Ibigay ang prediksiyon sa sumusunod na pangyayari:

- Ano kaya ang sasabihin ng mga bulilit kay Lou?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

- Ano kaya ang makikita ni Lou sa ikawalong bahay?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________



”Hindi mo ba gustong malaman yung sasabihin nila?” tanong ni Amir.

Napailing si Lou. “Naku, Amir, hindi lang ‘yon ang unang beses na gusto nila akong piringan. Nung huli nilang ginawa yun, nakipaglaro sila ng habulan.”


“Habang nakapiring ka?” sabi ni Amir habang nagpipigil ng tawa.

“Oo. Dapat daw nakapiring para hindi ko sila mataya agad,” paliwanag ni Lou.

“Ayos yun a. Di ko pa nasubukan ang habulan nang nakapiring,” sagot ni Amir.

“Mas mabilis daw kasi akong tumakbo kaysa kanila dahil ako ang pinakamatanda. Ngi, e ang liliksi nga nila. Palaging ako ang unang napapagod ‘pag naglalaro kami,” bumuntong-hininga si Lou na parang katatakbo lang.

“Ang dami ko ring kalaro doon sa amin. Paborito kong laruin ang taguan. Siguro pati yung pusa mo mahilig sa larong yun,” biro ni Amir sa kasama.



Kung hindi lang nag-aalala si Lou kay Lenlen, hiniritan niya rin ng biro si Amir.

"Tingnan mo 'to, o," hinalungkat ni Amir ang isang kahon na tambak ng basahan at kupas na karpet. "Ang daming balahibo."

Nanlaki ang mga mata ni Lou. Sinuyod niya ang loob ng kahon, pati ang mga gamit na nasa tabi nito. lnilibot niya ang paningin sa taas at baba, sa kanan at kaliwa. Bukod sa balahibo, wala nang bakas ni Lenlen sa paligid.

Umikot sina Lou at Amir sa ibang bahagi ng bahay. Pagdating sa sala, iningatan nina Amir at Lou ang pagkilos. Pigil ang paghinga nila habang naglilibot sa sala . Punong-puno kasi ito ng inukit na disenyo at eskultura.

“Wow! Hulaan ko,” bungad ni Amir habang bumubulong. “Mahilig umukit ang bulilit na nakatira rito.”

Napangiti si Lou, “Medyo. Mga magulang niya ang mahilig sa ganun. Mas gusto niyang magmolde ng *clay* at magtayo ng kung ano-ano gamit ang mga laruang bloke.”


“Ate Lou!” bulong ng isang bagong boses. Bahagyang napatalon sina Lou at Amir sa narinig.

“Ano’ng ginagawa n’yo rito?” usisa ng bulilit. Halatang hinihingal ito mula sa paglalaro. Tuloy-tuloy siya sa kusina upang kumuha ng tubig.

“Hinahanap namin si Lenlen, Oma. Yung alaga kong pusa, nawawala pa rin,” paliwanag ni Lou.

”Nag-pa-pa-hi-nga s’ya,

A-te,” sabi ng bulilit na si Oma sa pagitan ng bawat paglagok ng tubig.



Nanlaki ang mga mata nina Lou at Amir.



Hindi na nag-alinlangan sina Lou at Amir. Maliksing sumunod ang dalawa kay Oma, ang bulilit mula sa ikawalong bahay.

“Sabi nina Aby sorpresahin ka,” sabi ng bulilit. “Nakita ni Ruel si Lenlen sa ilalim ng tokador nila. Kaso di niya siguradong si Lenlen yun kasi ang daming  kasama.”

Nakatira si Ruel sa ikasiyam na bahay sa Kalye Sarado. Pagdating sa dulo ng kalye, bahagyang napanganga si Lou. Pinaliligiran ng mga bulilit ang isang kahon. Dahan-dahang inangat ni Lou ang takip ng kahon. Naroon nga si Lenlen sa loob! At napaliligiran pa ito ng mga kuting!

Abot-tenga ang ngiti ni Amir, “Kayo pala umalis ang pusa mo kasi manganganak na. Ganun talaga ang mga pusa ‘pag nanganganak. Naghahanap sila ng lugar na madilim at komportable para sa mga bago nilang kuting.”

Sa loob ng kahon, may isang mangkok ng isda at isang mangkok ng gatas. Meron pang bola ng sinulid, kumot, at unan para sa mga pusa.


Umaliwalas ang mukha ni Lou. Isa-isa niyang niyakap at pinasalamatan ang mahigit sampung bulilit.

Saka hinimas ni Lou si Lenlen, pati ang bawat anak nito. Nagtatalo ang pagngiyaw ng mga pusa at ang hagikgikan ng mga bulilit sa paligid. Dahan-dahang ibinalik ni Lou ang takip ng kahon at itinabi.

Saka siya humarap sa mga kapitbahay. "Gusto n'yo bang maglaro?" alok ni Lou. Sinenyasan niya si Amir. "Kami ang taya."

"Game!" sabik na sabi ni Amir. "Anong laro?"

Naging koro ang sagot ng mga bulilit. "Holen. Taguan. Agawan base. Tumbang preso. Luksong baka. Patintero. Siyato. Habulan. Bahay-bahayan. Sungka."



Tuwang-tuwa ang mga bulilit dahil hindi lang si Ate Lou ang kalaro nila, kundi pati si Kuya Amir.

**Gawain:** Isulat ang buod ng kuwentong kababasa lang.

**Tungkol saan ang kuwento ni Lou?**

*Paalala:* Ang buod ay isang maikling banghay ng kuwento. Ang ibang detalye ng kuwento ay maaaring hindi na isali sa pagsulat ng buod ng binasang kuwento. Madalas na naibubuod ang kuwento nang hindi hihigit sa limang pangungusap.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

*Para sa Guro:* Gabayan ang mga bata sa pagsulat ng buod. Maaaring magpakita ng halimbawa.



Bawat tao sa mundo ay ipinanganak na may karapatan. Ito ang mga bagay na nararapat sa bawat isa para mamuhay nang maligaya, payapa, at matiwasay.

Para masigurong mapangangalagaan ang karapatan ng bawat bata, binuo ang isang kasunduan na pinagkakaisahan ng halos lahat ng bansa sa buong mundo. Nakilala ang kasunduang ito bilang **Convention on the Rights of the Child** o **CRC.** Tampok sa kasunduang ito ang mga karapatang dapat tamasahin ng bawat bata sa iba't ibang sitwasyon o larangan.

May iba't ibang paraan upang maipakita ang karapatang mabuhay, umunlad, mapangalagaan, at makilahok. Sa Kalye Sarado, ano-anong karapatan kaya ang tinatamasa nina Lou, Amir, at ng iba pang bulilit na nakatira dito?

Isa sa mga karapatan ng bawat bata ang **maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyonalidad.**

Sa Pilipinas, madalas ipangalan ang mga bata sa kanilang kamag-anak o kapamilya. Nilalagyan ng Jr. ang dulo ng pangalan ng anak na lalaki kung isinusunod ito sa pangalan ng kaniyang tatay. Pagdating sa mga palayaw, madalas na inuulit ang pangalan ng Pilipino. Karaniwan tuloy ang mga taguring Junjun, Raprap, o Lenlen.


Kilala mo ba kung sino ang may pinakamahabang pangalan sa Pilipinas? Siya si Ratziel na mag-aaral sa hayskul mula Pangasinan. Binubuo ang pangalan niya ng apatnapu't isang salita.

Ganito kahaba ang buo niyang pangalan:

Ratziel Timshel Ismail Zerubbabel Zabud Zimry Pike Blavatsky Philo Judaeus Polidorus Isurenus Morya Nylghara Rakoczy Kuthumi Krishnamurti Ashram Jerram Akasha Aum Ultimus Rufinorum Jancsi Janko Diamond Hu Ziv Zane Zeke Wakeman Wye Muo Teletai Chohkmah Nesethrah Mercavah Nigel Seven Morningstar A. San Juan

Ikaw, ilang salita ang pangalan mo? Gaano ito kahaba? Napapagod ka ba tuwing sinusulat mo ang buong pangalan mo?





Karapatan din ng bawat bata na **magkaroon ng tahanan at pamilyang mag-aaruga sa kaniya**.

May iba't ibang klase ng pamilya sa mundo. May pamilyang dalawa ang magulang, may iisa lang, at mayroon ding mahigit pa sa dalawa ang kinikilalang magulang. Samantala, may mga pamilya ring marami ang mga anak, may iisa lang, o kaya wala.

May mga pamilyang maliit ang bilang ng kasapi. Tinatawag itang **nukleyar** o payak na pamilya. Binubuo ito ng mga magulang at anak. Sa kabilang banda, mayroon namang malalaking pamilya na tinaguriang ***extended*** o pinalawak. Mas madalas na makita ang pamilyang pinalawak sa Pilipinas. Dito, kasama ng pamilya sa tahanan ang magulang, anak, lolo, lola, at kung minsan pati ang tiyo, tiya, at mga pinsan.

Tingnan mo ang iyong pamilya. Sino-sino ang kasama mo sa bahay?

Bukod sa mga nauna, karapatan din ng **bawat bata ang mabigyan ng sapat na edukasyon.**

Napakaraming maaaring matutuhan sa paaralan. Sa paaralan natututong magbasa, magbilang, at magsulat ang mga bata. Bukod sa mga ito, nalalaman din nila ang tungkol sa kasaysayan, agham, kapaligiran, wika, at iba pang larangan.

Sa paaralan din napagtitibay ang kakayahan ng mga batang makisalamuha at makipag-ugnayan sa kapuwa bata.

Sa paaralan, naipakikita ng mga bata ang angkin nilang galing at napaghuhusay pa ang kanilang mga talento.

Alam mo bang may iba't ibang uri ng talino? Ilan sa halimbawa ang sumusunod.

May mga batang magaling sa wika. Sila ang matatas magsalita at magsulat. Mahusay din silang makinig at magbasa. Mayroon ding lohikal mag-isip. Mahusay sila sa mga numero at sa pagkilala sa mga padron at relasyon ng mga bagay.

Samantala, may mga bata ring mahusay sa musika; mayroon ding mahusay sa pagbuo ng mga imahe sa isipan. May mga bata ring biniyayaan ng maliksi at malakas na katawan. Magaling sila sa mga gawaing kailangan ng kilos at galaw.

Ilan lang ang mga nabanggit sa maaari mong maging angking galing at talino. Sa katunayan, maaaring taglayin ng isang tao ang mahigit sa isang katangian.

Sa palagay mo, ano-anong uri ng talino ang taglay mo? Alin-alin naman ang gusto mo pang hubugin?



**Gawain:** Batay sa iyong nabasang mga karapatan, ano-anong imahe o sitwasyon ang pumasok sa iyong isipan? Iguhit ito at lagyan ng maikling paliwanag.

Bilang bata, karapatan mo rin na **makapagpahayag ng sariling pananaw.**

Sa katunayan, karapatan ng sinuman ang magpahayag ng sariling pananaw o opinyon kahit pa taliwas ito sa iniisip ng iba.

Sa Pilipinas, nakikilala pa rin tayo sa pagiging magalang kahit na may kani-kaniyang ideya, pananaw, saloobin, o pinahahalagahan ang bawat isa. Ipinakikita ng mga Pilipino ang pagiging magalang sa iba't ibang paraan. Mayroong magiliw sa bisita, may mga palangiti, at mayroon ding palakaibigan sa ibang bata at matanda.



Karapatan ng bawat bata na **mapaunlad ang sariling kakayahan.**


Mainam kung mabibigyan sila ng pagkakataon upang paghusayin ang angkin nilang galing, talino, at talento. Sa katunayan, isang batang Pilipino ang kinikilala bilang isa sa pinakamahusay na pintor sa mundo. Siya si Hamzah Marbella. Karaniwang paksa ng mga pinta ni Hamzah ang malalaking isda, pusa, at mga babaeng may buhok na kakulay ng bahaghari.




Tampok din sa karapatan ng mga bata ang **mabigyan ng sapat na pagkain, para magkaroon ng malusog at aktibong pangangatawan.**

Sa Pilipinas, karaniwang pagkain ang kanin. Kahit saan ka man magpunta sa bansa, ito ang palaging hinahain tuwing agahan, tanghalian, at hapunan. Nakilala pa nga ang ating batad o hagdan-hagdang palayan sa buong mundo.

Sinasabayan ang kanin ng iba't ibang ulam o kaya naman ng prutas gaya ng saging o mangga. Sa katunayan, marami pang ibang klase ng pagkaing nagmumula sa palay. Nariyan ang suman, biko, espasol, bibingka, champorado, at iba pa.






Karapatan din ng mga bata na **manirahan sa payapa at tahimik na lugar** at **maproteksiyunan laban sa pang-aabuso, panganib,** at **karahasan.**

Dapat tinatamasa  ng mga bata ang payapa at tahimik na tahanan sa lahat ng pagkakataon. Kahit pa may masama o di-inaasahang pangyayari, kailangang siguruhing may ligtas na espasyong gagalawan  ang mga bata.

Sa katunayan, tuwing may bagyo o giyera, inililikas ang mga pamilya sa isang bagong lugar. Sa mga lugar na ito, naglalagay  ng *child-friendly  space* o mga espasyong nakalaan para sa mga bata. Karaniwan itong nasa anyo ng palaruan o silid-aklatan.

Bukod sa mga laruan at libro, ano pa kaya ang dapat ilagay sa isang *child-friendly space*?

Sa kabuuan, malaki ang papel ng mas matatanda sa pag-aalaga, pagtatanggol, at pagpapanatili ng karapatan ng mga bata. Kaya kabilang sa karapatan ng mga bata ang **maipagtanggol at matulungan ng pamahalaan**.

Alam mo ba, marami nang batas ang nabuo para sa mga batang Pilipino? Halimbawa na riyan ang ***Presidential Decree 603*** o ang ***Child and Youth Welfare Code in the Philippines.***

Sa batas na ito, natutukoy ang papel at tungkulin ng matatanda sa pangangalaga ng mga bata. Nasasaad dito ang angkop na pagtrato sa mga bata sa loob ng tahanan, paaralan, at iba pang lugar o sitwasyon.



Alam mo ba, ipinagdiriwang tuwing Oktubre 17 ang ***International Children's Day****?* Sa araw na ito, itinatampok ang Convention on the Rights of the Child o ang kasunduan para sa mga bata. Samu't saring palatuntunan at gawain ang inilulunsad ng iba't ibang bansa.

Sa Pilipinas, ipinagdiriwang ang **Pambansang Araw ng mga Bata** tuwing Nobyembre 20. Naghihikayat at nagsasagawa ang Kagawaran ng Edukasyon ng iba't ibang programa sa mga pribado at pampublikong paaralan. Halimbawa na riyan ang seminar para sa mga guro at mag-aaral, pagkukuwento, palaro, timpalak, eksibit, at marami pang iba.



**Gawain:** Sumulat ng talata na nagpapaliwanag kung ano ang mangyayari kung mawala ang isa sa iyong karapatan.

## Talasalitaan

*__Ayo –__ ekspresyon sa Sinugbuanong Binisaya na ginagamit para tawagin ang pansin ng mga taong naninirahan sa bahay na binibisita. "Tao po!" ang katumbas na ekspresiyon nito sa Filipino.

*__Kaayo –__ salita sa Sinugbuanong Binisaya na ang ibig sabihin ay labis. Karaniwan itong idinaragdag sa salitang "salamat." Halimbawa, "Salamat **kaayo!"** na ang katumbas na ekspresyon sa Filipino ay "Maraming salamat!"

*__Kopong-kopong –__ o pyongpyang. Ginagawa ito kapag nagpapares-pares ang magkakalaro para malaman kung sino ang taya.

*__Manoy –__ salita sa Sinugbuanong Binisaya na ang ibig sabihin ay "Kuya" sa Filipino at "Manong" naman sa Ilokano. Ginagamit itong pantawag sa nakatatandang  kapatid na lalaki o sa sinumang nakatatandang lalaki. Halimbawa ay nakatatandang pinsan, nakatatandang kapitbahay na lalaki, o nakatatandang kaibigan na lalaki.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI
INTERNATIONAL
The Asia Foundation